



Makahihinga tayo nang maluwag sa pagbasa ng sulat sa mga taga-Filipos, matapos ang matinding pagtuturo at pakikipagtalo ni Pablo sa naunang mga liham. Isa itong tunay na liham, mas personal, mas maunawain at magandang-loob. Sinulat ito ni Pablo mula sa kulungan, para sa pamayanang nagpakita sa kanya ng lubos na pagmamahal. Nagbabalita siya tungkol sa kanyang sarili at inaanyayahan silang mabuhay sa higit na pagkakaisa.

Dito niya isinulat ang kilalang-kilalang pangungusap: *Hangarin ninyo ang na kay Kristo Jesus.*

Tinanggap ni Pablo ang kanilang tulong, na nagpapatunay ng malaki niyang tiwala sa kanila. Sapagkat kadalasa'y tumatanggi siyang tumanggap ng pera at mas gusto niyang mabuhay mula sa kanyang pagtatrabaho kasabay ng kanyang pangangaral, upang hindi ito mapagkamalang pansariling kapakanan lamang.

Nakakulong si Pablo nang isulat niya ang liham na ito. Ngunit hindi natin tiyak kung sinulat ba niya ito sa Roma sa kanyang kulungan sa taong 62 (nang lumiham siya sa mga taga-Efeso at mga taga-Colosas), o sa bilangguan niya sa Efeso sa taong 56.

**1** • 1 Liham nina Pablo at Timoteo,
mga lingkod ni Kristo Jesus, sa lahat
ng mga banal kay Kristo Jesus na nasa
Filipos na kasama ng kanilang mga
obispo at diakono.
2 Sumainyo ang kagandahang-loob at
kapayapaan galing sa Diyos na ating ama
at kay Jesucristo.
3 Lagi akong nagpapasalamat sa Diyos
sa pag-alaala sa inyo, 4 at lagi ko kayong
ipinagdarasal nang may galak sa pagda-
rasal ko alang-alang sa inyong lahat,
5 sapagkat tinulungan ninyo ako sa pag-
eebanghelyo mula sa unang araw hang-
gang ngayon. 6 Natitiyak ko ito: siyang
nagsimula ng mabuting gawaing ito sa
inyo ay magpapaganap nito hanggang sa
araw ni Kristo Jesus. 7 Ito ang inaasahan
ko para sa inyong lahat nang isama ko
kayo sa aking puso; sa aking pag-
kabilanggo at pagtatanggol at pagpapati-
bay ng Ebanghelyo, kasali ko kayo sa
pagpapalang itong ibinibigay sa akin.
8 Alam ng Diyos na minamahal ko kayo
ng pag-ibig ni Kristo Jesus. 9 Kaya ipina-
nanalangin kong nawa'y lalong umunlad
sa inyo ang pag-ibig nang may kaalaman
at mabuting pasya.
10 Sa gayon ninyo malalaman kung ano
ang tama upang sapitin ninyong malinis
at walang-sala ang araw ni Kristo 11 at
magkaroon kayo ng ganap na bunga ng
kabanalan sa pamamagitan ni Jesucristo
para sa kapurihan ng Diyos.

### Si Kristo ang aking buhay

• 12 Gusto kong malaman ninyo, mga
kapatid, na lalong umunlad ang Ebang-
helyo dahil sa nangyari sa akin. 13 Sapag-
kat nalaman ng lahat sa palasyo at sa
labas na ako'y nakabilanggo para kay
Kristo. 14 Kaya pinatibay ng aking pagka-
bilanggo ang karamihan sa mga kapatid
nating Kristiyano at lantaran na nilang
ipinahahayag nang walang takot ang
Salita.

---

• **1.**1 *Kasama ng kanilang mga obispo at diakono.* Nakita natin sa Mga Gawa kung paanong nagtatatag ng pamayanan ang mga apostol ng isang iglesya sa bawat lunsod na napagpahayagan na nila ng Ebanghelyo. Hindi sila umaalis hangga't hindi nila nabubuo ang Sanggunian ng mga Lider na tinatawag na mga Presbitero o Matatanda, ayon sa kaugalian ng mga Judio. Matapos ang ilang taon, lumilitaw sa mga ito ang mga obispo o mga tagapamahala: maaaring sila ang mga nangungunang kasapi sa Sanggunian ng mga Matatanda. Kaya hindi sila noon katulad ng mga obispo ngayon.

Ang mga *diakono* naman ang namamahala sa iba't ibang paglilingkod sa pamayanan. Maaaring mangahulugan ito ng pagmimisyon sa mga lugar na wala pang pamayanang nabubuo.

*Kagandahang-loob at kapayapaan!* "Kapayapaan!" ang bati ng mga Judio sa isa't isa, at "Magalak" naman ang sa mga Griyego. Ngayon, pamayanan ng mga Judio at mga Griyego ang kinakausap ni Pablo kayat gumagawa siya ng bagong pagbati para sa dalawa: "kagandahang-loob" na halos kasintunog ng "magalak" sa kanyang wika.

*Ang Diyos na nagsimulang gumawa sa inyo nang mabuti ay magpapaganap nito* (b. 6). Ganito ang pag-asa ni Pablo na nahahayag sa marami niyang sulat (tingnan 1 Cor 1:18).

*Upang umunlad sa inyo ang pag-ibig nang may kaalaman at mabuting pasya* (9). Alam ng sumasampalataya na hindi lunas sa lahat ng bagay ang pananampalataya. Sa gitna ng mga suliraning dumarating sa araw-araw, tinatawag sila ng Diyos na makakita ng mga bagong daan. Upang lumago at umunlad, kailangan nating magnilay, makinig – ang tinatawag nating "pagsusuri ng buhay" – upang madiskubre ang positibo at negatibo sa nakakaharap natin sa araw-araw, sa ating pagtatrabaho, sa mga tungkulin natin sa lipunan at maging sa ating libangan. Kaya ipinagdarasal ni Pablo na magkaroon sila hindi lamang ng pagmamahal at pagbubukas-palad, kundi pati na ng liwanag at pagka-unawa.

• 12. Nakikita natin ang kilalang apostol na napaliligiran ng mga taong naiinggit. Hindi lamang siya inuusig ng mga Judio, kundi sa loob mismo ng Iglesya, may mga "huwad na kapatid" na nagagalak na malamang nakakulong siya. Pagkakataon nila ito para sumikat. Maihahambing ang lahat ng ito sa kalagayan ng mga nakikibaka nang walang halong pag-iimbot, subalit napaliligiran ng iba na makasarili pa rin.

*Mapatutunayan ang aking paghihintay sa hindi ko pagkalito* (20). Isinusulat ni Pablo ang mga linyang ito sa panahon ng kanyang pagkabilanggo. Hinahangad ni Pablo na ang kanyang paglilitis at pagharap sa hukuman ay makatulong sa pagpapahayag ng mensahe ni Kristo sa mga may kapangyarihan.

*Para sa akin si Kristo ang buhay* (21). Uso ngayon na bigyan-diin na dapat "unawain ng mga Kristiyano ang mundo" at maging "ganap na tao". Pero bahagi lamang ito ng katotohanan. Hindi taga-mundong ito ang mga Kristiyano. At sa oras na lumago sa kanila ang pag-ibig ng Diyos, mararamdaman nilang dayuhan sila

15 Oo nga't ipinahahayag si Kristo ng
ilan dahil sa inggit at pagpapaligsahan,
pero ang iba nama'y dahil sa mabuting
kalooban. 16 Alam nga nitong huli na
nalagay ako rito para ipagtanggol ang
Ebanghelyo, at gumagawa sila dahil sa
pag-ibig. 17 Hindi naman mabuti ang kon-
siyensya ng ibang nagpapahayag kay
Kristo dahil sa kumpitensya: hangad nga
nilang pabigatin pa ang aking pagka-
bilanggo. 18 E, ano sa akin kung tapat ang
ilan at ang iba nama'y hindi? Kahit
papaano, ipinahahayag si Kristo, at ikina-
gagalak ko ito.

19 Alam ko na ikabubuti ko ang lahat ng
ito at maliligtas ako sa tulong ng inyong
mga dasal at ng pamamahala ng Espiritu
ni Jesucristo. 20 Inaasahan ko at pinanini-
walaang di ako kailanman mapapahiya;
sa halip mananatili akong matapang at
luluwalhatiin ko si Kristo sa pamamagitan
ng aking sarili, sa buhay man o kama-
tayan, ngayon at kailanman.

21 Para sa akin, si Kristo ang buhay, at
pakinabang ang kamatayan. 22 Ngunit
habang nasa laman ako at buhay, nakiki-
nabang ako sa aking trabaho. Kayat alin
ang pipiliin ko? 23 Nagsasalawahan ako:
nais kong yumao at makasama si Kristo,
sapagkat ito ang pinakamabuti. 24 Ngunit
kailangan pa ninyo ang aking pananatili
sa laman. 25 Kaya nakatitiyak akong
mananatili at didito pa ako kasama
ninyong lahat upang umunlad kayo at
magalak sa inyong pananampalataya.
26 Sa gayon aapaw ang inyong Kris-
tiyanong kasiyahan dahil sa akin, sa aking
muling pagdalaw sa inyo.

### Manatiling matatag sa pananampalataya

• 27 Mamuhay nawa kayo nang kara-
pat-dapat lamang sa Ebanghelyo ni
Kristo. Kapag dumating ako, makita ko
nawang nananatili kayong matibay. At
habang malayo pa ako, marinig ko nawa
ito. Ipaglaban ninyo ang paniniwala sa
Ebanghelyo nang may iisang espiritu at
puso. 28 At huwag kayong matakot sa
mga kalaban. Ang pagkakaisa ninyo ang
magiging tiyak na tandang galing sa
Diyos ang kanilang pagkapahamak at
ang inyong pagkakaligtas. 29 Sapagkat
pinagkalooban niya kayo hindi lamang ng
paniniwala kay Kristo kundi pagtitiis din
alang-alang sa kanya 30 sa iisang laban na
binabata ko tulad ng nakita na ninyo at
nababalitaan pa.

### Maging mapagpakumbabang tulad ni Jesus

**2** • 1 Kung puwede ko kayong panga-
ralan sa ngalan ni Kristo at makiki-
nig kayo sa pagpapayo ng pag-ibig; kung
magkasalo tayo sa iisang Espiritu at
taglay ninyo ang kabaitan at habag,
2 pasayahin ninyo ako. Magkasundo kayo
sa iisang pag-ibig at hangarin ninyo ang

---

sa mundo sapagkat nag-ugat na sa kanila ang pananabik kay Kristo at sa Kawalang-hanggan.

*Nananabik si Pablo na makita* sila ngunit hindi niya gustong magtagal pa at makipagsalu-salo sa kanila. Ang talagang hangad niya ay ang makasama si Kristo sa kanyang kaluwalhatian: tingnan ang 2 Cor 4:16 at Fil 3:10.

*Gusto kong makasama si Kristo* (23). Kaisa tayo ni Kristo sa buhay na ito. At sa kamatayan, mas nagiging ganap ang pakikiisa sa kanya. Hindi ang araw ng muling pagkabuhay ang hinihintay ng mga kaibigan ni Kristo para makapiling si Kristo. Kaya mali ang nagsasabi na tuluyan nang naglalaho ang tao sa oras ng kamatayan at mabubuhay lamang sa Muling Pagkabuhay. Tingnan din ang 2 Cor 5:8.

• 27. *Magkaisa kayo at huwag kayong matakot* (28). Ito ang payo ni Pablo sa mga iglesyang nahaharap sa malakas na oposisyon. Lagi tayong sinisikap pagwatak-watakin ng mga umuusig para matanggal ang ilang kasapi na pinararatangan o pinababayaan ng sarili nilang mga kapatid.

• **2.**1 Sa kabila ng kanilang kabutihang-loob at pananampalataya, hati pa rin ang mga taga-Filipos. Hindi pumapasok sa gulo si Pablo. Sa halip, kinakausap niya ang lahat at ibinibigay sa kanila ang lihim ng sama-samang pamumuhay-Kristiyano: kababaang-loob, ang di-paggawa ng anuman dahil sa *pagtatalo o kayabangan*.

Sa isang awit, na parang isa na ring pagpapahayag

iisang layunin. 3 Huwag kayong padala sa
pagtatalo o kayabangan, kundi maging
mapagpakumbaba nawa ang bawat isa at
pahalagahan ang iba nang higit pa kaysa
sarili. 4 Huwag hanapin ng isa't isa ang
ikabubuti ng sarili lamang kundi ang ika-
bubuti rin ng iba. 5 Tularan ninyo ang
saloobin ni Kristo Jesus.

6 Nasa katayuan siya ng Diyos
kaya hindi niya inambisyong makapantay
  ang Diyos
7 Sa halip sinaid pa ang sarili sa pag-
  aanyo niyang alipin
at sa pagiging tulad ng mga tao:
natagpuan nga siyang kamukha ng tao.
8 Nagpakababa siya at naging masunurin
  hanggang kamatayan,
hanggang kamatayan sa krus.

9 Dahil dito itinampok siya ng Diyos
at binigyan ng Pangalang mataas pa sa
  alinmang pangalan
10 *upang paluhod na sumamba ang lahat*
  sa Pangalan ni Jesus
sa kalangitan, sa lupa at sa kailaliman
11 *at ipahayag ng tanang dila na Pangi-
  noon* si Kristo Jesus
para sa kaluwalhatian ng Diyos Ama.

• 12 Kaya nga, mahal na mga kapatid
na laging tumatalima sa akin noong
kasama ninyo ako, higit pa kayong tuma-
lima ngayong malayo ako, at ganapin
ninyo ang inyong pagkaligtas nang may
"takot at panginginig." 13 Ang Diyos ang
gumagawa sa inyo na naisin at gawin ang
magbibigay-lugod sa kanya. 14 Gawin
ninyo ang lahat nang walang kulang at
pagtutol, 15 at sa gayon walang sala at
walang bahid, upang maging mga anak
kayo ng Diyos sa gitna ng isang buktot at
di-tapat na lahi. Nagniningning kayo sa
piling nilang parang tala sa sanlibutan,
16 sa pangangalaga ninyo sa salitang
pambuhay. At ipagmamalaki ko ito sa
araw ni Kristo sapagkat hindi nasayang
ang aking pagtakbo at pagpapagod. 17 At
kahit kailangang dumanak ang aking
dugo bilang hain upang ipagdiwang ang
inyong pananampalataya, nagagalak pa
rin ako at natutuwang kasama ninyong

---

ng pananampalataya, iminumungkahi ni Pablo ang halimbawa ni Kristo: ang kanyang landas – Diyos na naging tao, mayaman na naging dukha, una na naging huli, panginoon na naging lingkod.

Nais ng Panginoong Jesus na maging isa sa mga pinakahamak, mga pinakahirap, pinakayagit. Ganito ang mga saloobin ni Jesus. At ganito rin dapat ang sa kanyang mga alagad, ang mga Kristiyano. Ang ating hangaring maging isa sa pinakahamak, makibahagi sa kanila, ang siyang batayan ng tunay na pamumuhay ayon sa ebanghelyo.

Dito tayo dapat maiba sa karamihan sa mga tao na personal na kagalingan ang inuuna sa lahat o mga ambisyong wari'y mabubuti naman pero winalang-halaga ni Kristo nang piliin niya ang kabilang daan.

*Hindi niya inambisyong makapantay ang Diyos:* Inihahambing nito ang kasalanan ni Adan – kasalanan ng taong naiinggit sa Diyos. At ibinubunyag naman ang misteryo ng Anak ng Diyos na naging taong may kamatayan at binitiwan ang luwalhati ng Diyos bagamat maaari naman niya itong kipkipin kahit na sa kanyang pagiging tao. Dahil si Kristo ang magiging Bagong Tao na niluluwalhati ng Diyos at itinampok sa lahat, ang kanyang pagiging ganap na tulad natin, ang pagdanas ng mga paghihirap at limitasyon ay parang paghuhubad ng sarili.

*Itinampok siya ng Diyos.* Ang kababaang-loob at pagsunod na ito ni Kristo ang kundisyon ng kanyang kaluwalhatian. Binigyan siya ng Pangalan (ng Diyos), ibig sabihi'y talagang nilinaw ng Ama sa lahat na ang walang-hanggang Anak ng Diyos ay walang iba kundi si Jesus.

• 12. *Ganapin ninyo ang inyong pagliligtas nang may takot at panginginig.* Hindi ito nangangahulugan ng pagkatakot sa Diyos. Laging inaanyayahan ni Pablo ang kanyang mga mambabasa na magalak dahil wala na sa kanila ang *espiritu ng mga alipin* para matakot uli kundi ang espiritu ng pagiging mga anak (Rom 8:15).

Sa katunayan, katatapos pa lamang alalahanin ni Pablo ang sakripisyo ni Kristo at nabuo niya ang konklusyong ito: Totohanin ninyo ang inyong buhay (ito ang ibig sabihin ng *takot at panginginig:* gaya ng pag-iingat ng isang may dala-dalang mamahaling bagay). Mamulat kayo na gumagawa mismo ang Diyos sa inyo sa pamamagitan ng mabubuting hangaring ito na dumarating sa inyo. Mamuhay kayo sa presensya ng Panginoon.

lahat. 18 At dapat din kayong magalak at
matuwang kasama ko.

**Mga sugo ni Pablo**

• 19 Umaasa ako sa Panginoong Jesus
na agad kong masugo sa inyo si Timoteo
upang maaliw ako ng inyong mga balita.
20 Wala nga akong maisugong katulad
niya na tunay na mapagmalasakit sa inyo.
21 Hinahanap nga ng lahat ang kani-
kanilang kapakanan, at hindi ang kay
Jesucristo. 22 Ngunit alam ninyo na subok
siya at pinaglingkuran niya ang Ebang-
helyong kasama ko, gaya ng anak kasa-
ma ng ama niya. 23 At siya ang inaasahan
kong ipadala sa inyo sa oras na makita ko
kung ano ang aking haharapin. 24 Subalit
umaasa ako sa Panginoon na pupunta rin
ako sa inyo sa lalong madaling panahon.
25 Minabuti kong papuntahin sa inyo
ang ating kapatid na si Epaprodito, na
kasama ko sa gawain at sa labanan, na
isinugo ninyo sa akin para pangalagaan
ako. 26 Sabik na sabik nga siya sa inyong
lahat at nababalisa dahil sa nabalitaan
ninyong pagkakasakit niya. 27 Nagkasakit
nga siyang talaga at kamuntik nang ma-
matay; ngunit kinaawaan siya ng Diyos,
at hindi lamang siya kundi ako man nang
huwag maragdagan ang aking kalung-
kutan. 28 Kayat agad ko siyang pina-
pupunta sa inyo upang lumigaya kayo sa
pagkakita uli sa kanya at hindi na ako
mabalisa. 29 Kaya ipagdiwang ninyo nang
maka-Kristiyano ang pag-uwi niya at
tingalain sana ninyo ang mga taong
katulad niya. 30 Alang-alang sa trabaho ni
Kristo, isinuong niya sa panganib ang
sariling buhay at nabingit siya sa
kamatayan sa pagbibigay sa akin ng
tulong na hindi ninyo maibigay.

**Huwag mong balikan ang Batas ng Judio**

**3** 1 Bukod dito, mga kapatid, maga-
lak kayo sa Panginoon.

• Hindi mabigat sa akin ang muling
isulat sa inyo ang mga dating bagay, at
kapaki-pakinabang naman ito sa inyo.
2 Mag-ingat kayo sa mga aso, mag-ingat
sa mga gumagawa ng masama, mag-
ingat sa mga kumakatig sa pagtutuli.
3 Nasa atin ang pagtutuli; tayo nga ang
mga sumasambang taglay ang Espiritu
ng Diyos at ipinagkakapuri natin si Kristo
sa halip na magmalaki dahil sa alinmang
pantaong bagay.
4 Mayroon din akong pantaong mga
bagay na maipagmamalaki. Kung akala
ng sinuman na mayroon siyang maipag-
mamalaki, lalo ako. 5 Tinuli akong taga-
Israel sa ikawalong araw; galing ako sa

---

• 19. Kadalasa'y mga personal na bagay ang tinatalakay ni Pablo sa katapusan ng kanyang mga sulat. Parang pinuputol muna niya rito ang paksa ng kanyang sulat; ganoon din sa 3:1. Sa bahaging ito, ibinabalita ni Pablo ang dalawa niyang pagbisita sa mga Kristiyano sa Filipos.

Alalay ni Pablo si Timoteo at ipinagkakatiwala niya rito ang iba't ibang misyon sa mga pamayanan. Parang walang gaanong kapangyarihan si Timoteo at madali siyang mapapahiya ng mga ayaw sa direksyon ni Pablo.

Tungkol naman kay Epaprodito, siya'y Kristiyanong taga-Filipos. Iniwan niya ang kanyang pamilya, ginastos ang sariling pera at hinarap ang mga panganib upang madalaw lamang si Pablo. Dapat isaalang-alang ng pamayanang Kristiyano ang mga miyembro nito na lubos na nagtatalaga ng sarili at salat sa pananalapi para tulungan ang mga ito. Minsan, ibinibigay ng Iglesya bilang mga halimbawa ang mga nakikibaka mula sa hanay ng mga manggagawa o magsasaka na pinabayaan ng lahat ng pamayanan habang nabubuhay pa sila.

• **3.**1 *Waring napuputol dito ang pahayag ni Pablo. Sinisimulan niya ang isang matinding argumento laban sa mga Judiong hilaw ang paniniwala kay Kristo. Patuloy lamang nilang inuulit-ulit na dapat munang maging tapat sa mga batas at kaugalian ng Lumang Tipan para maging mabuting Kristiyano.*

*Mag-ingat sa mga aso...!* (2). Sa mga Judio rin na nagyayabang sa pagiging bayang hinirang, ipinupukol ni Pablo ang mismong pag-insultong inilalaan nila para sa mga di-Judio. Ang mga Judio ay tinatakan sa pagtutuli. Subalit pinagtatawanan nila ang mga nasa ibang relihiyon na naghihiwa sa kanilang katawan.

Sa pamamagitan ng sinasabi ni Pablo tungkol sa kanyang katapatan sa relihiyon ng mga Judio, may

tribu ng Benjamin, isang Hebreong nag-
mula sa mga Hebreo, at may malasakit sa
Batas: Pariseo nga ako. 6 Tunay na
masigasig kong inusig ang Iglesya at wala
akong kapintasan sa daan ng kabanalang
nasa Batas.

7 Ikinabuti ko man ang mga ito, itinu-
ring ko pa ring sagabal ito at walang ka-
buluhan alang-alang kay Kristo. 8 Itinuring
kong walang kabuluhan ang lahat ng iba
pa kung ihahambing sa kaalaman kay
Kristo Jesus na aking Panginoon. Siya
ang nagpabale-wala sa lahat at itinuring
kong basura ang lahat, makamtan ko
lamang si Kristo.

9 Sa kanya nawa ako matagpuang
taglay, hindi ang sariling kabanalang
galing sa Batas, kundi ang nagmumula sa
paniniwala ayon kay Kristo, na siyang
kabanalang galing sa Diyos at bunga ng
paniniwala. 10 Makilala ko nawa siya at
ang kapangyarihan ng kanyang muling
pagkabuhay at ang pakikiisa sa kanyang
mga hirap; tularan ko nawa siya sa
kanyang pagkamatay 11 at sa gayon ma-
salubong ko ang pagkabuhay sa mga
patay.

12 Hindi ko inaakalang nakarating na
ako. Tiyak na hindi pa ako nakararating o
naging ganap, kaya tumatakbo ako
upang kunin si Kristo, matapos niya
akong kunin. 13 Hindi ko inaakala, mga
kapatid, na nakarating na ako; ngunit
nililimot ko ang nasa likod ko at pinagsi-
sikapan ang mga hinaharap; 14 at tuma-
takbo akong naghahanap ng gantimpala
ng makalangit na pagtawag sa akin ng
Diyos kay Kristo Jesus.

15 Kapag mga tunay na ganap tayo, ito
ang ating hahanapin. At kahit iba pa ang

---

nalalaman tayo tungkol sa kanyang nakaraan. Ipinanganak siya sa Tarso, sa isang pamilyang Judio na umalis sa kanilang bayan at nanirahan doon sa isang bayang "Griyego". Doon sila nagnegosyo. Maykaya ang kanyang mga magulang at kinikilala dahil may karangalan at karapatan sila bilang mamamayang Griyego (tingnan ang Gawa 22:28). Kasama ng kulturang Griyego, tinuruan si Pablo ng Biblia at ng bayang Judio. Nakita niya mismo ang mga piyesta at mga sakripisyong pagano, at ipinagmamalaki niyang mapabilang sa bayan ng Diyos, ang pagiging tuli, at naturuan sa mga pangakong binitiwan ng Diyos sa kanyang lahi. Ipinadala siya ng kanyang mga magulang sa Jerusalem para mag-aral ng Biblia at ng Batas sa piling ng mga dakilang guro ng kanyang panahon (tingnan ang Gawa 22:3).

Isa siyang huwaran ng istriktong Pariseo. Hindi niya nakita si Kristo, pero nakatagpo niya mismo ang mga unang Kristiyano. Sa katapatan niya sa relihiyon ng kanyang mga ninuno, naniwala siyang kailangang usigin, ibilanggo at kung kailanga'y patayin ang mga taong ito na nangangaral ng isang bagong doktrina, at lumilinlang – sa akala niya – sa sambayanan, sa pangangaral ng isang huwad, talunan at nakapakong Mesiyas.

Napakahirap dalhin sa pananampalataya ang mga taong siguradung-sigurado sa sarili at naniniwalang matuwid sila sa harap ng Diyos. Isa sa mga ito si Pablo, at tinanggap nga niya *ang nagpabale-wala sa lahat, at itinuring itong basura* (8).

*Nililimot ko na ang nasa likod ko* (13). Kaiba si Pablo sa Pariseo na panatag ang loob sa harap ng Diyos sa paggunita sa magaganda niyang nagawa dahil kabilang siya sa bayang banal at sa grupo ng "mabuti", dahil sinusunod niya ang Batas at gumagawa ng mabuti. Ang gusto lamang ni Pablo ay *lumimot.* Kalimutan ang kanyang halaga at pakinabang (ayon sa paghatol ng tao) upang mas matanggap niya ang kagandahang-loob ng Diyos. Kalimutan ang alam na niya tungkol sa Diyos, upang maging bukas para sa mga bagong karanasan.

Si Kristo ang *tubo* (8), mas malaking pakinabang kaysa pagkakaroon ng mga titulo at kakayahan. Si Kristo ang pakinabang sa pagkawala ng sarili. At para masimulan ito, *kalimutan* ang lahat ng iniwan natin, ang lahat ng nakaraan, upang hindi na tayo magtiwala sa ating mga ginawa kundi sa patuloy pang gagawin ng Diyos sa atin.

*Gusto ko siyang makilala.* Para sa isang Kristiyano, hindi ang makagawa ng mga milagro, o makapagsalita sa iba't ibang wika ang pinakamahalaga, kundi ang makilala si Kristo at maunawaan ang lihim ng kanyang pagpapakakumbaba alang-alang sa atin. *Gusto kong maranasan ang kapangyarihan ng kanyang muling pagkabuhay.* May mga taong gustong madama ang presensya ng Diyos at makita siya sa anumang paraan, subalit ang pakikibahagi sa mga paghihirap ni Kristo (2 Cor 1:3-5) ang paraan para madama ang kanyang lakas at kapangyarihan na nagpapanibago sa atin.

*Kapag mga tunay na ganap tayo* (15). Tingnan ang sinasabi sa 1 Cor 2:6. Pinatatamaang muli ni Pablo ang mga naniniwalang kabilang sila sa mas mataas na klase ng mga Kristiyano, dahil siya mismo ay hindi nangangahas na ituring ang sariling ganap (12).

Bilang pangwakas, binibigyan-diin niya ang muling pagkabuhay. Dahil alam natin na ibabangon ang ating mga katawan (o ang buong pagkatao) at pagpapanibaguhin ang sanlibutan, dapat nating ilagay sa

hinahanap ninyo, ibubunyag din ito sa
inyo ng Diyos. 16 Panindigan lamang natin
ang naabot na natin.
17 Tularan ninyo ako, mga kapatid;
naging halimbawa kami sa inyo, kaya
tingnan ninyo ang mga sumusunod sa
amin. 18 Sapagkat marami ang namu-
muhay bilang kaaway ng krus ni Kristo.
Malimit ko itong sinabi, at inuulit ngayon
nang may luha. 19 Papunta sila sa kapaha-
makan: ang tiyan nila ang kanilang diyos,
at ipinagmamalaki nilang dapat nilang
ikahiya. Wala silang iniisip kundi mga
makalupang bagay.
20 Nasa kalangitan naman ang ating
pagkamamamamayan; doon din mang-
gagaling si Jesucristong hinihintay nating
Manunubos. 21 Babaguhing-anyo niya ang
ating katawang nasa kaabaan, upang ma-
katulad nito ang kanyang sariling kata-
wang nasa luwalhati; mayroon nga siyang
kapangyarihang sumakop sa buong ka-
likasan.

**Magkaisa't magalak**

4 • 1 Kaya, mga mahal na kapatid na
aking kinasasabikan, na aking lugod
at korona, manatili kayong matatag sa
Panginoon, mga minamahal ko. 2 Isina-
samo ko kay Ebodia at isinasamo rin kay
Sintike na magkasundo na sila alang-
alang sa Panginoon. 3 At hinihiling ko rin
sa iyo, Sisigo, tapat na kasama, na tulu-
ngan mo ang dalawang babaeng ito;
nagpakapagod na nga silang kasama ko
sa pag-eebanghelyo, kasama si Klemente
at ang mga iba pang tumulong sa akin na
ang mga pangalan ay nasa aklat ng
buhay.
4 Magalak kayong lagi sa Panginoon.
Inuulit ko, magalak sana kayo. 5 Kilalanin
nawa ng lahat ng tao ang inyong kabaitan.
Malapit na ang Panginoon 6 kaya huwag
kayong mabalisa; sa halip ipakita ninyo
sa Diyos ang lahat ninyong mga hinihingi
sa panalangin at dasal na taglay ang pag-
papasalamat. 7 Sa gayon ang kapayapaan
ng Diyos, na higit pa sa maiisip ay mag-
iingat sa inyong mga puso at isipan kay
Kristo Jesus. 8 Bukod dito, mga kapatid,
piliin ninyo ang lahat ng totoo, dakila,
makatarungan, dalisay, kaibig-ibig at
marangal, ang anumang dapat hangaan
at purihin. 9 Isagawa ninyo ang inyong
natutuhan at natanggap, ang narinig at
nakita ninyo sa akin. At sasainyo ang
Diyos na mapayapa.

**Pasasalamat ni Pablo**

• 10 Labis kong ikinagalak sa Pangi-
noon ang muling pamumulaklak ng
inyong pagmamalasakit sa akin ngayon.
Nagmalasakit na nga kayo, ngunit wala
pa kayong pagkakataon. 11 Hindi ko ito
sinasabi dahil sa aking kakulangan;
natutunan ko na ngang masiyahan sa
kung ano lamang meron ako. 12 Naha-
harap ko ang karalitaan at ang kasaga-
naan; handa ako sa lahat ng bagay; sanay
ako sa kabusugan at gutom, sa pagsa-
sawa at kakulangan. 13 Kaya ko ang lahat
sa tulong ng nagpapalakas sa akin. 14 Ga-
yunman, mabuti ang ginawa ninyo sa
pakikibahagi sa aking kapighatian.

---

tamang lugar ang lahat ng bagay na lumilipas: pagkain, alak, seks, at huwag itong gawing mga diyos na umaalipin sa tao.

• **4.**1 *Muli na namang pinuputol ang paksa; tila karugtong ng 2:19-31 ang bahaging ito.*

*Ang Aklat ng Buhay* (3) ay karaniwang larawan sa mga Judio para tukuyin ang mga maliligtas (tingnan ang Pag 20:12).

*Hanapin ninyo ang lahat ng totoo* (8). Paulit-ulit na sinasabi ni Pablo na hindi sapat ang pagtutuon lamang ng pansin sa mga utos upang maiwasan ang ipinagbabawal. Sa halip, tinuturuan tayo ng Espiritu na laging maging malikhain sa pang-araw-araw na buhay. Sa pagtutuon ng pansin sa mga bagay na totoo, dakila... nadiskubre natin na higit pa pala ang kaya natin. Pagtuunang-pansin ang tanang mabuti, saanman natin ito matagpuan, kahit na sa mga di-sumasampalataya.

• 10. Pinasasalamatan ni Pablo ang Iglesya sa Filipos dahil sa kanilang tulong. Siya, na talagang ingat na ingat na huwag umasa sa iba at huwag lumabas na nagsasamantala sa kapwa sa ngalan ng relihiyon, ay tumanggap din ng bigay ng mga tunay niyang kaibigan.

[15] Alam ninyo, mga taga-Filipos, na walang Iglesyang tumulong sa akin sa simula ng pag-eebanghelyo, nang umalis ako sa Macedonia. Kayo lamang ang nagpaluwal sa akin. [16] Dalawang beses kayong nagpadala sa Tesalonika ng kinailangan ko. [17] Hindi regalo ang hangad ko, kundi ang paglaki ng inyong pakinabang. [18] At ngayon sapat na ang nasa akin, at higit pa. Sumasagana ako dahil sa tinanggap ko kay Epaprodito sa ngalan ninyo. Ito talaga ang haing kaaya-aya, na mabangong handog na kalugud-lugod sa Diyos. [19] Kaya bibigyang-kasiyahan kayo ng aking Diyos sa lahat ng inyong kailangan, ayon sa kanyang kayamanan, nang buong kagandahang-loob, kay Kristo Jesus. Luwalhatiin ang Diyos na ating Ama magpakailanman! Amen.

[21] Batiin ninyo ang bawat isa sa mga banal kay Kristo Jesus. Binabati kayo ng mga kapatid na kasama ko. [22] Binabati kayo ng lahat ng mga banal, lalo na ng mga nasa bahay ng Emperador. [23] Suma-inyong diwa ang biyaya ng Panginoong Jesucristo.